**T**INULIGSA ng kasamang Gregorio N. Garcia ang patnugot ng *Liwayway*. Malabnaw raw ang utak nito at anya pa'y walang inilalathala kundi ang katha ng mga kaibigan at kasamahan sa *Ilaw at Panitik*. Tinutuligsa namin si G. Garcia sa kanyang mga paratang na ito sapagka't ang tula namin, sang-ayon sa liham ni G. Cruz, ay kanyang ilalathala sa *Liwayway*, at kung kaya hindi malathala ay sapagka't maraming tinatanggap na padalang-tulong si G. Cruz sa araw-araw na ginawa ng Diyos.

Siyam na buwan na ngayong nahihimlay ang aming tula sa hapag ni G. Cruz. Ngunit hindi kami nawawalan ng pag-asa. Umaasa kami na si G. Cruz ay isang tunay na maginoong hindi sumisira ng kanyang pangako. Kung hanggang ngayon ay hindi pa lumalabas ang aming tula ay hindi sapagka't si G. Cruz ay nagagalit sa amin o kaya'y siya ay *Maginoong Tanso*, kundi manapa'y *laging napaibaibawan ang aming tula ng maraming padalang-tulong na dumarating kay G. Cruz sa araw-araw na ginawang Dios!*



**S**I G. Lope K. Santos ay nagbitiw ng tungkulin sa pagkapanungulo ng Akademya ng Wikang Tagalog. Kaya't ang Akademya ngayon ay lumalakad nang walang ulo. Multo sa katanghalian! Mabuhay ang multo!!!

**B**AGAY бага sa Akademya ng Wikang Tagalog...  
Ang Akademya ay binubuo, sang-ayon na rin sa mga kasapi, (Nasa dahong 18 ang karugtong)

## Pilantik at Pitik

Ni Escolastico Paez Santos



**S**ANG-AYON sa nasira kong Amang si Epifanio de los Santos at Cristobal, ay hindi masamang punahin ang mga kwentista at manunulat ng wikang Tagalog. Sapagka't hindi makikita ng isang manunulat ang kanyang mga kamalian kung hindi sa kritikong sumusuri sa kanyang mga panulat. Nang ako'y bago pa lamang nagsusulat ng mga kwento ay pinadalan ko si G. Gregorio N. Garcia ng isang kwentong may pamagat na "BINATANG BATANGAN" nuong siya pa ang namamahala ng isang Magasin na "BATUTE" ngayon ay parang bulang naglaho sa aming paningin. Ang kwento ko ay ipinabalik sa akin dahil sa ilang mga kamalian. At dahil diyan ay nakita kong kulang pa pala ako ng pinakadiwa sa aking kwentong iyon kaya't naisipan kong sundin ang tanglaw na itinuro sa akin ni G. Garcia at sa lingguhang *Kayumanggi* ay lumabas ang kwento kong "BINATANG BATANGAN". At ngayon ako naniniwalang ang mga kritiko ay malaki ang naitutulong sa mga kwentista at manunulat. Sila ang pinaka-ilaw ng mga kwentista sa madilim na Diva ng panitik. Ang mga kritiko ay siyang pangalawang Guro ng mga manunulat na itinuro ang matuwid na batayan sa pag-sulat ng isang kwento o katha. Sa ganang akin ay ikinagagalak ko ang punahin ang aking panulat kung sa kabila naman nito ay malaki ang aking matututuhan. Ang isang nag-aral habang tumataas ang kanyang napag-aaralan nang hindi pinupuna ng kanyang Guro ay lalong nagiging mangmang. Hindi kapintasan kundi karangalan ng mga Manunulat at Kwentista na punahin ang kanilang mga sinulat sapagka't nabubuksan ang kanilang isipan sa katotohanang kanilang tinatahak. Ang mga kritiko ay may karapatnag pumuna at tumuligsa sa ganito at sa gayong panulat ng mga kwentista pagka't itinuturo lamang sa kanila na sila'y lumalakad sa madilim na landasin nang hindi nalalaman ang patutunguhan. Marahil kung sinusunod ko ang

sarili at hindi nakinig sa payo ng mga kritiko ay kaipala'y nasa madilim akong landasin ng panulat. Salamat sa mga kritikong ito na nagbigay sa akin ng pangalan sa larangan ng panulat at ngayon ay marami na akong mga tagahanga. Lalong-lalo na kay G. Garcia na nagbigay ng karangalan sa aba kong palad. Utang ko sa kanya ang aking pagkakatanyag na sumunod ako sa kanyang dakilang payong naging ilaw ng aking mapangaraping diwa sa panulat. Dahil sa kanyang payong sinunod ko ay nagtagumpay ang mga kwento kong "LUMABIS NA ALIW", "BALIW NA PANATA", "BINATANG PIHIKAN", "SA BANAT NG BUTO", "PANAKIP BUTAS LANG", "NADAKIP SA WAKAS", "PAGIBIG", "MUTYA NG LIPUNAN", "AMORITIS", "KAKAHAPON LAMANG", "MAHIWAGANG MAONG", "ANG KANYANG KAHAPON", "ANG SINGSING NI LOLENG", "MAPAGMATAAS", "ANINO NG KAHAPON", "MGA DILANG SANGA-SANGA", at saka ang "MAHIWAGANG TAGAPAGMANA", na pawang nagsilabas sa lingguhang *Mabuhay*.

Sa magasin naman ng *Taliba* ay nagsilabas din itong sumusunod: "PALALONG MAGULANG", "MAGKAHAWIG", "MASAKIT NA BIRO", "KAPALARAN", "ANG MAKATANG SAMPAY-BAKOD", "KAIN" at saka ang "ANG LIHIM NI MOMO". Sa lingguhang *Kayumanggi* na nililimbag sa Lipa, Batangan ay marami din akong kwentong lumabas na ganito ang mga pamagat:—"BINATANG BATANGAN", "MUTYA NG LIPA", "DALAGANG BATANGAN", "ANG KASTILYO SA HANGIN", "MUTYA NG BATANGAN", "PINAGKAMALAN", "PALABIRO", "ANG BUHAY AY GANYAN", "BALIW NA MATINO", "BA-YAN" at saka "SA LOOB NG SINE".

Ang mga kwentong iyan kayo nagtagumpay ay utang ko kay G. Garcia na nagbukas sa aba kong isipan upang ako'y magpatuloy sa aking panulat na bagaman at pinuna niya ang aking panitik ay nagbigay naman sa akin ng inspirasyon upang magkaroon ng matibay na loob at lakas sa panitik.

Maging sa iba mang bansa ay may mga kritiko sa iba't ibang wika na sumusuri sa bawat panulat ng kanilang mga kalahi. Kung walang kritiko ay walang lalabas na dalubhasang Manunulat ng kani-kanilang mga bansa. Ang mga kritiko ay siyang patnubay at tanglaw sa mga kwentista at manunulat. Ang dinaramdam ko lamang sa ibang mga kwentista ay minasama ang (Nasa dahong 16 ang karugtong)

# Kwento Ng Aking Sarili

Ni GREGORIO N. GARCIA

1  
**N**OON pa mang araw ay sugat ko na iyon: sugat na pinaglamnan. Hindi nga lamang ako nasasaktan noong araw. Mangyari'y hindi nabubunggo nang malakas.

2  
 Minsan ay nabunggo ang aking sugat. Mahina lamang. Hindi ako gaanong nasaktan: may kabataan pa kasi ako noon—hindi pa malubha sa aking pakiramdam ang aking sugat.

3  
 Amain ko ang sinasabi kong minsay nakabunggo sa aking sugat.



4  
 Mapanukso ang aking Amain. Palagay ko ba'y natutuwa siya kung umaasim ang aking mukha dahil sa kanyang panunukso. Hanggang kamakailan lamang ay tinutukso pa rin niya ako. Ngayon na nga lamang hindi.

5  
 Maganda pa naman ang aklat na binabasa ko nang may isang taon nang nakalilipas ay dumating ang aking Amain sa amin at ako'y tinukso nang haplit.

6  
 Marami siyang sinabi. Sa pasimula ay nagtatawa lamang ako. Patuloy din ako sa pagbabasa.

Kung bakit iyang panunukso ay talagang hindi yata nasisiyahan hangga't hindi nagagalit ang kanyang tinutukso. Sa kasalita ng aking Amain upang mapagalit din ako ay sinabi niyang "Kung maging reyna ka, Anying, sa isang *Rizay, Day* at putungan ka ng korona ng makata, marahil ay noon pa lamang may magsasabing maganda ka."

8  
 Pagkarinig ko sa sinabi ng aking Amain ay bigla kong tiniklop ang aklat na aking binabasa at padabog akong nasok sa aking silid. Ipininid ko ang pinto at sa loob ako nagbasa.

9  
 Ang tawa ng aking Amain nang makita niyang ako'y nasok sa silid!... Pati si Ina ay natawa.

10  
 Dili ang hindi ako naghinanakit kay Ina. Hinihintay kong sabihin niya sa kanyang kapatid na huwag akong bibiruin nang ganoon. Nagtawa pa nga....

11  
 Ang kasabihan marahil ni Ina'y binibiro lamang ako. At saka hindi naman iba sa akin.

12  
 Kung sa bagay ay gayon na rin ang naging palagay ko. At ang isa pa'y wala pa ako noon sa gulang na lubos na nakababatid kung bakit masigla at magaan ang mga paa ng mga ibon sa milundaglundag sa mga sanga ng kahoy kung buwan ng Mayo. Maging ang tunay na sanhi kung bakit kailangan ng maraming buhok ang paglilingkod ng koryente at kung bakit mabiling katulad ng manit na bibingka ang mga pulbos at kolorete ay hindi ko rin lubhang nababatid noon.

13  
 Sa aki'y di gaanong naging mahalaga ang sinabi ng aking Amain—hindi nga. Isip ko'y wala na akong mahahangad pa sa aking buhay—sa aming kalagayan nina Ama't Ina.

14  
 Mahal na mahal ako ni Ina't ni Ama. Nag-aaral ako sa isang paaralang para sa mga babai lamang. Inihahatid at kinukuha ako ng aming auto sa paaralan. Marami akong mga kaibigang babai.

15  
 Ang sinasabi kong hindi ko nauunawaang gaano noong ako'y pumasok sa silid dahil sa sinabi ng aking Amain, hindi magluwa't ay naging maliwanag na sa akin.

16  
 Nahilig ako sa pagbabasa. Nagkaroon ako ng malaking pagkagiliw sa literatura.

17  
 Pagkatapos ko ng "high school" ay tumigil na ako ng pag-aaral. Ang tuyo at pulpol na kadalahiran ng aking mga guro ay nakayamot sa akin. Iyon at iyon din ang kanilang sinasabi. Nagsasalita sa pagka't binabayaran sa pagsasalita. Walang kaisipang mapaglikha.

18  
 Tutol ang mga magulang ko sa aking paghihinto ng pag-aaral. Ibig daw nilang ako'y magkaroon ng titulo. Iba na raw ang may titulo: pinagpipitaganan ng kapuwa.

19  
 Sinabi kong hindi ko nais pakibagayan ang kabaliwan ng tinatawag nating lipunan—iyang lipunanang kumukulong katingan ng pagkukunwari at panunuya. Sinabi ko pa ring ang titulo'y kailangan lamang ng mga taong walong buto sa likod at malata ang pananalig sa sarili. Hindi ako nag-aatubili sa pagsasabi sa kaniyang may buto ako sa likod at hindi  
 (Nasa kabila ang ku'rugtong)

## KWENTO NG...

*(Karugtong ng dahong 13)*

di malata ang pananalig ko sa aking kakayahan.

20

Hindi ko rin napapayag sina Ina—kung sa bagay. Subali't ano ang kanilang magagawa? Ako ang kanilang pinapag-aaral at ako rin ang ayaw.

21

Bumili ako ng mga aklat: sari-saring mga aklat. Umuwi ako sa aming asyenda sa Bulakan.

22

Nalayo ako sa kaguluhan at pagkukumagkag ng Maynila, na tinatawag ng iba na kasayahan. Nalapit naman ako sa puso ng kalikasan. Damdám ko ba'y nalapit din ako sa Diyos.

23

Madalas ay nag-iisa ako sa aming asyenda. Nakasumpong ako ng inam at ganda sa pag-iisang kapiling ng mga palaisip na manunulat at makata ng daigdig.

24

—Agad kang tatanda; Anying,—ang minsá'y nasabi sa akin ng Amain ko.

25

—Bakit po?—tanong ko naman.

26

—Mangyari'y wala kang tigil ng pagbabasa.

Naalaala ko ang sinabi ni Oscar Wilde.

28

—Talaga po namang lahat ng taong may utak at maibiging magkuro'y sa maikling bahagi lamang ng kanilang buhay nagmumukhang bata. Maliban po lamang ang mga pari; sapagka't ang natutuhan nilang sabihin sa gulang na labingwalo'y siya rin nilang sinasabi sa gulang na walongpu,—ang nakangiti kong sagot.

—Napakalaki ng ipinagbabagong mo, Anak! —At umiling ang aking Amain

30

—Hindi po ba ninyo ikinatutuwa ang pagkapagbago ko?—ang magalang kong tanong, bagama't kintang-kita ko, na, malayo sa pagkatuwa, siya'y nag-aalaalang mapanganib ang aking napiling kahilingan.

31

—Hindi ko malaman kung ako'y natutuwa. Tila ako'y....

32

—Hindi po ninyo nalalaman? Kung gayon po'y ako ang natutuwa: Lahat po ng mahalagang pagbabago'y hindi nawawatasan kapagkaraka.

33

Inalog ng Amain ko ang aking ulo at ang sabi, "Ang batang ire, kung magsasalita..."

34

Hinintay kong sabihin niyang muli sa akin ang tungkol sa kung ako'y maging reyna at putungan ng isang makata. Hindi niya muling sinabi sa akin. May nahañanda akong isasagot kung iyo'y kanyang sinabi.

35

Sa mga radikal na manunulat ay kinagiliwan ko nang gayon na lamang sina Oscar Wilde, Jose Garcia Villa at H. L. Mencken. Lalong-lalo na ang pilosopiya ni Wilde tungkol sa dapat maging pagkakahati-hati sa mga tao ng kayamanan.

36

Nakita ko ang mapag-aping pasunod ng ilang mayayaman sa maliit, at ang aking mga magulang ay hindi nahihawalay.

37

Sa halip na mahabag sa mga "pugot ang salawal", ako'y nainis sa kanila. Nainis ako sa kanilang kasiyahang-loob sa gitna ng mga kasikiang hindi nila kasalanan.

38

Talagang lugod na lugod ako sa paraan ng pagtingin ni Wilde sa buhay.

39

Natawag sa aking paghanga ang mga taong marunong mainip sa mga kagipitan at nakadadabog sa mga paghihikahos na bunga ng pagkalagom ng kayamanan sa mga kamay ng iilang tao.

40

Sa mga pag-uusap namin ni Ama ay napapansin niya ang malaki kong pagkabagot sa pagkalahang ng tao sa kayamanan. Nakikita niyang naghunos ako ng ugali, ng pananalig.

41

Minsan ay nasabi ko kay Amang kasawiang-palad ng sangkatauhan ang pagkakaroon ng mga mayamang-mayaman at ng mahirap na mahirap. Sinabi ko pa ring humihinga nang maluwag ang mapipilak sa paghihinalo ng mga taong limot.

42

—Hindi namat lahat ng mayaman ay mapang-api; bakit ka nagsalita nang ganyan?—ang wika ni Amang lalong matigas kaysa malambot.—Sa pasunod ko sa ating mga kasama, ano pa ang kanilang mahihiling?—dugtong pa niya.

43

—Si Ama,—ang sagot ko,—hindi po natin tinatawag na mabuting kutserso yaong umaakay sa kanyang kabayo upang makahila pa rin iyon sa kabila ng malabis na pagkahapo.

44

Kamuntik ko nang binayaran ng pamamaga ng mukha ang sinabi kong iyon kay Ama.

45

Hindi ako namangha. Ang inuuban nang paniwala'y talagang hindi maaaring igupo sa loob ng iilang buwan lamang—lubha pa't katulad ni Ama at ni Inang kumikilos sa udyok ng mga damdamin at hindi sa atas ng mga katuwiran at pagninilaynilay.

46

Sa pagluwas-luwas ko sa Maynila upang bumili ng mga bagong *(Nasa dahong 16 ang karugtong)*

# Jose Maria Rivera: Isang Magiting At Dakila

Simulat ni BRIGIDO C. BATUNGBAKAL

Karangalan na ng isang nilikha ang makasulat ng ilang hagnay sa kadakilaan ng isang dakila. Kami, sa aming pagkakaroon ng lakas ng loob na mag-ukol ng ilang hagnay sa isang magiting at dakila, ay kusang nagpuputong ng mga dahon ng laurel at oliba sa aming ulo, palibhasa ang aming ihaharap sa bayan ngayong hindi marunong kumilatis sa kadakilaan, ay isang magiting at dakila sa kasaysayan ng ating himagsikan at panitikan.

Sino ang hindi nakakakilala kay kapitang Jose Maria Rivera? Ang magsabi sa amin na hindi nila nakikilala ang magiting na anak na ito ng Pilipinas, ay pinipilit kaming mag-ukol ng mga katagang hindi karapatdapat sa kanilang pagkamamamayan, palibhasa ang itinatanong namin ay isang bayaning hindi nagbahag ng buntot sa harap ng mga kalaban. Ano na ang mga Bonifacio, Luna, del Pilar, at ang iba pang tinatawag na bayani kung ipipiling sila sa kabayanihan ni kapitang Jose Maria Rivera? Mga anino lamang ang mga nalalapit na ito sa kadakilan kung ang kadakilaan ang magiging paksa ng mga pag-uusap. Natatandaan pa ba ninyo ang mahigpitang paglalaman sa Kalookan? Ang paglalaman iyon ay hindi na malilimot sa kasaysayan sapagka't ang humarang sa malakas na pagpasok ng mga amerikano sa lalawigan ay walang iba kundi ang ating kapitang Rivera. Naging alamat ang bahaging iyon sa kasaysayan ng pakikilaban ng mga Pilipino sa Amerikano sapagka't nakintal sa isipan ng mga puting hinggo ang katalinuhan sa hukbo nang batang-batang kapitan na si Jose Maria Rivera. Katotohanan nga na nakaraan ang mga Amerikano nguni't sa ibabaw ng bangkay ng mga kawawang kawal na mga Pi-

lipino na napatay sa paglalabang iyon, na salamat naman sa mga pagkakataong nagkaroon ng awa at naligtas sa aming kapitan. Hindi lamang sa Kalookan nagpakisikat ang kapitan. Magtungo kayo ngayon sa Malolos, Kakarong, Binakod, Sapote, Pasong Tilad, Balintawak, Kawit at iba pang makasaysayang pook at maririnig ninyo ang kanyang kagitingan. At sasabihin pa ninyong hindi ninyo nakikilala ang aming magiting na kapitang Jose Maria Rivera?

Kami ay hindi mag-uukol na maraming "santos y pascua" sa aming kapitan ukol sa mga naga-wa niyang kabayanihan. Kung mapilit kayo sa pagkilala sa kabayanihan ng aming magiting na kapitan ay buklatin ninyo ang aklat ni Fernandez na "Brief History of the Philippines" at "Philippine History" ni Maximo M. Kalaw, sa mga dahon nito'y matutunghayan ninyo ang mga ulat ng katotohanan ukol sa kanya. Makikita rin ninyo ang kanyang larawan na katabi ng mga bayaning nabuwal sa dilim ng paglalaman pati na ang maikling buhaysalaysay ng kanyang kadakilaan. Hindi pa rin iyan ang nais naming ipabasa sa inyo sapagka't maaaring mapagalinglangan pa rin iyan sapagka't mga kabalat natin ang sumulat. Ang aming ipinagkapuri ng iba-yo'y ang sinulat nina Robertson at Blair sa kanilang aklat. Ito ang aming ipinagkapuri palibhasa'y kinilala ng lubusan ng dalawang ito ang kagitingan ng aming kapitan. Kaya, kung nakaririnig kami ng mga tila paghamak sa aming kapitan ay gayon na lamang ang pagkukukot ng aming loob sa mga walang galang na kabataan.

Nais naming paniwalain ang mga kalaban at katunggali ng aming kapitan, na siya (ang aming kapitan) ay dakila. Napatunayan

na namin sa inyo na ang aming kapitan ay magiting at bayani sa pamamagitan ng mga aklat na sumuob sa kanya ng kamanyang papuri. Kung ang mga aklat na ito'y hindi pa nakasisiya sa inyo'y buklatin naman ninyo ang mga *archivo* ng mga pahayagan at rebista sa ating aklatang Bansa. Dito'y matutunghayan ninyo ang lalong dakilang katha ng aming kapitan. Bakit ba nasabi namin sa inyo na ang aming kapitan ay isang manunulat. Kailangan pa bang pangunahan ang aming mga kababayan sa pagsasabing ang aming kapitan ay isang manunulat? Kilala ng bayan ang aming kapitan palibhasa'y minamahal ng bayan ang aming kapitan sapagka't siya'y isang *mananalaysay, mangdudula, nobelista, kuentista* at *ma-ka-ta!*

Marami ang pumupuna sa mga katha ng aming kapitan. Sino na ang mga lapastangang iyan sa katalinuhan ng aming kapitan? Kalingkingan lamang sila ng aming kapitan kung ang pag-uusapan ay ang nauukol sa katalinuhan. At saka ngayo'y hahara-harang tutuligsa sa aming kapitan. Hindi na nahiya sa kanilang sarili na gayong wala namang nagagawa pang kahit man lamang isang *dula-dulaan* ay tutuligsain ang aming kapitan. Kung sina Balmaseda, Pat. Mariano, Severino Reyes ay hindi makahuma, ay gaano pa kaya itong mga naglitawlitaw ngayong manunuligsa raw di-umano. Sino na sila sa kadakilaan ng aming kapitan! Hakain lamang ninyo na sina Balmaceda, Pat. Mariano at Severino Reyes ay nagsisikain ng alikabok, ay gaano pa kayong mga bogong singki at wala pang mata sa panitikan. Ang kailangan sa inyo'y habulin ng hampas at itaboy sa gubat nang

(Nasa dahong 19 ang karugtong)

PILANTIK AT PITIK  
(*Karugtong ng dahong 12*)

pagpuna ng mga kritiko natin sa kanilang mga katha. Dapat kayang masamain nila ang gayon? Paano nilang makikita ang kamalian ng kanilang mga kwento kung hindi pupunahin ng mga kritiko? Isang bagay lamang ang mapapansin natin sa mga kwentista; ang ayaw mapuna ang kanilang mga akda. Ang isang kawayan na mura kung baliw ay itinutuwid upang maging maganda sa ating paningin. Ganyan din naman ang layunin ng ating mga kritiko na ituwid ang kwento ng isang kwentista upang tanghalin siyang mahusay na manunulat.... Itinutuwid lamang ng ating mga Kritiko ang ilang katiwalian ng mga kwentista hindi sa kapakanan ng mga kritiko kundi sa ikadadakila rin ng mga nagsusulat na iyan. Samakatuwid ay hindi ang mga kritiko ang dadakilain ng bayan kundi ang mga kwentista na rin. Walang dalubhasang kwentista na hindi pinuna ng mga kritiko sa alin mang bansa o daigdig ng mga manunulat ng iba't ibang wika. Naalaala ko pa ang balagtasang kaibigang Teodoro Agoncillo at ni G. Santiago Guino na humantong sa pagbanggit ng dangal ni Agoncillo at *hindi ang* diwa ng pinagbabatayang balagtasang Pinuna lamang ng kaibigang Agoncillo ang ukol sa paggamit ng dalawang titik na "NANG" at saka "NG" ay minasama na ni G. Bisaya na nagtatakapanang nagtatakapanang sa kanyang bunga't nganga na lumabas sa pitak ng lingguhang *Mabuhay*. Minsan naman ay may nadinig akong paguusap ng dalawang katao na tinutukoy ang di umano'y Makatang Latino raw.

—Mistisong Latino ba ang makatang tumutula sa panglinggo ng *Mabuhay*?  
—usisa ng pinakamatanda sa bata.

—Hindi po, kundi Bisaya po lamang na mahiligin sa wikang tagalog.

—Kung sa wikang tagalog siya mahilig ay bakit may kahalang latin ang kanyang tula?

—Marahil po ay ipinanganak sa bayan ni Benito Mussolini, kaya po karamihan ng kanyang mga tula ay may kahalo pong latin.

—Bakit di wikang Bisaya na siyang wika niya ang gamitin at gagamit pa ng ibang wikang hindi maintindihan ng mga mangbabasa ng *Mabuhay*?

—Kung ako po sa Makatang Latino... ay huwag lokohon at pitong manila na ako sa taon—pabirong tugon ng bata.

—Marunong ka pala ng bisaya!

—Abs, opo.... At maluwat po kaming nanirahan sa kabisayaan.

Ang dalawang katao ay naghiwalay pagkatapos ng kanilang paguusap.

KUENTO NG...

(*Karugtong ng dahong 14*)

aklat, na hindi naman madalas, ay nagkaroon ako ng mga kakilalang binata. At hindi man dahil sa pagluwas-luwas, sadyang hindi ko rin maiiwasan ang pagkakaroon ng mga kakilalang binata. Kung bakit kung ilan na iyong pupunta sa aming bahay sa asyenda ang isang matandang lalaki o babai kaya, na may kasamang binata; kunwa'y may kailangan kay Ama at bago umalis ay ipakikilala sa akin ang binatang kasama. At ang binata naman, makaraan pa ang ilang araw ay dadalaw na sa akin. Hindi magtatagal ay kung ano-ano na ang sinasabi sa akin.

47

Naging madalas ang pagkagunita ko sa sinabi ng Amain ko tungkol sa kung ako'y maging reyna at putungan ng isang makata. Nagugunita ko rin ang kalagayan ng isang butil ng buhangin nasa ibabaw ng isang malaki at magan-

dang tipak ng bato: Lumalapit ang mga tao sa bato, hindi dahil sa isang butil ng buhangin kungdi dahil sa bato, bagama't ang sinasabi nila'y ang butil ng buhangin ang kanilang tinitingnan.

48

Tumitindig nga sa aking harapan ang kalagayan ng isang butil ng buhangin at ng isang tipak ng batong maganda at malaki tuwing may binatang dadalaw sa akin upang magsabi ng "mahahalagang bagay na walang halaga."

49

Sa aming asyenda'y nagpagawa si Ama ng aming sariling daang patungo sa daang bayan.

50

May napansin ako sa mga binatang nangagsisidalaw sa akin: Ang iba'y talagang mayroong auto, ang iba nama'y mukha lamang mayroong auto at ang iba pa'y talagang walang auto.

*Nasa dahong 17 and karugtong*

GILIW NA MANGBABASA...

Samantalain ninyo ang pagkakataong idinudulot sa inyo ng *THE PHILIPPINES*. Bumasa kayo nito kung ibig ninyong masiyahan at matuto. Ipadala agad ang inyong suskrisyon at kayo'y tatanggap ng bonus at iba pang karapatang inilalaan lamang sa mga suskritör ng *THE PHILIPPINES*.

Maglalathala kami ng mga kwento, tula, salaysayin, puna at iba pang lathalang pangpatalino.

Tinatawagan namin ng pansin ang manunulat sa wikang Tagalog na may *TAAL AT MALINIS* na hangaring mapaunlad ang Inang Wika upang magpadala sa amin ng kanilang mga katha—kwento, tula, salaysayin at iba pa.—Ang mga kitulong namin ay bibigyan din ng mga karapatang pangmay-akda.

Upang magkaroon ng mabuting pagkakarunungan ang patnugutan at ang mga magpapadalang tulong sa amin, ay ipinamamantala sa amin; una, upang maibalik namin kung sakaling hindi namin maatim na ilathala, at ikalawa'y upang mailahad namin ang aming katuwiran at puna kung bakit ang gayon at ganitong kwento o tula ay aming tinatanggap o hindi.



## PILANTIK AT PITIK....

*(Karugtong ng dahong 16)*

At iyan ang sanhi kung kaya naalaala ko si G. Santiago Guino at pati ng kanyang bunga't nganga. Ipinakikilala ko lamang kay G. Cuino na huwag niyang mahaluan ng latin ang kanyang mga tula, sapagka't marami ang nakapupulang mga mangbabasa. Kung sa akin lamang ay wala siyang madidinig nguni't sa mga mangbabasang nakatutung-hay ng kanyang tula sa panglinggo ng *Mabuhay* ay marami din namang mga kritiko. Tila napakasama nga namang tingnan ang tulang tagalog na haluan ng latin sapagka't lumalabas na mistisong Tagalog-Latino ang tula. Huwag iisipin ng ating kapatid sa panulat na tinutuligsa ko siya, sapagka't hindi ko gawa ang manuligsa kundi ipinaliliwanag ko lamang sa kamahalan ni G. Cuino na kung maaari lamang ay huwag na niyang haluan pa ng latin ang tulang tagalog sapagka't hindi naman siya tinderang nagtitinda ng halo-halo.

Kung sa bagay ay batid kong hinuhulog lamang ni G. Cuino sa diwang tagalog ang Latin nguni't hindi ko matiis na tagurian siyang mistisong latino ng iba, dahil lamang sa kanyang panulat. Hinahangaan ko si G. Cuino sapagka't kahi't isang Bisaya siya ay mahaligin naman siya sa ating wikang sarili. Mababasa sa damdamin ni G. Cuino ang pagmamahal sa wika ni Balagtas na taglay sa puso ng Bisayang Makata.

Kung ang lahat ay marunong magmahal sa wikang tagalog; kung ang lahat ay marunong magbigay sa kanilang kapuwa, mawawala ang hinanakitang kapatid sa kapuwa kapatid. Subali't hindi ganito ang nangyayari.... Sa panglinggo ng *Mabuhay* ay madalas akong makatunghay ng sinulat ng isang may hinanakit kay G. Jose Esperanza Cruz, ang kasalukuyang patnugot ng lingguhang *Liwayway*. At labis tumuligsa sa katiwalian ng mga Patnugutan ng nasabing Lingguhan. Na di-umano'y pawang mga kasapi lamang sa kanilang kapisanang "ILAW AT PANITIK" at saka ng "AKLATANG BALAGTAS" ang laging tinatanggap lamang sa mga nagpapadala ng kwento subali't ang mga tagalabas ay hindi man lamang pansinin.... Ang hindi ko maubos-maisip ay kung may katotohanan ang tuligsang iyon sapagka't hindi lamang iisa kundi marami rin ang nagpapatotoo sa akin na may tinitingnan lamang ang mga patnugutan ng *Liwayway*. Ipinaaalaala ko sa kaibigang Jose Esperanza Cruz ang bagay na ito upang kanyang malunasan, sapagka't marami nang mga lingguhang tagalog ang nalilingib sa hukay ng sawing paglimot.

Nariyan ang *Telebang, Lipang Kalabaw, Bulalakaw, Pipit-puso, Batute* na pawang nilubugan ng araw. Ang lingguhang *Liwayway* ay hindi kaya lubugan ng araw? Ah! hindi malayo ang gayon pagkat' pinagsasawaan ng mga mangbabasa. Ang totoo ay may paligsahan ang lingguhang *Liwayway* ng pansihan ng kupon, bakit kaya? Marahil ay nakikita na ang nalalapat niyang pagpanaw sa daigdig ng katagalugan. May kasabihan ang ilang mga tagalabas na kung isda raw nang isda, araw-araw ang kinakain ay nakasusuya.... Gayon din naman ang mga kwento sa *Liwayway*, na ayon sa aking narinig sa kanila, ay nakasusuya na sapagka't parepareho raw ng pinakadiwa at salaysayin. Sa mga tagalabas ay may mga kritiko rin naman na marunong pumuna sa ganito at gayong bagay. Bagaman at hindi sila marunong magsulat ng mga tula at kwento ay may itinatagong katalinuhan.

W A K A S

## KWENTO NG ...

*Karugtong ng dahong 16*

51

Ang marami sa kanila ay lalo kong kagigiliwan marahil kung ako'y hindi pagdadalawin. Oo nga't ang iba'y may mataas na pinag-aralan at kung hindi man ganito'y mayayaman naman. Nguni't mga pipi: Yaong mga may mataas na pinag-arala'y hindi luma-lampas sa mga takip ng kanilang mga aklat ang nasasabi. At yaon namang mayayaman ay walang napakikipag-usapang paksa kung-di ang tungkol sa pagkatuyot o kagsaganaan kaya ng ani. Mga bagay na nakayayamot sa akin!...

52

Nitong dakong huli, may isang taon pa lamang ang nakalilipas, ay nakilala ko si Ed.

53

Si Ed ay manunulat—at mabuting manunulat sa pagiging gayon. Hindi siya magandang lalaki.

54

Sa ganang aki'y hindi kailangan ng mga lalaki ang kagandahan. Ang kailangan ng isang lalaki ay talino at matipunong pangangata-

wan. Ang mga babai lamang ang kailangang maging maganda: Sa kagandahan lamang nila naukukubli ang kanilang kamulalaan.

55

Magaan ang aking dugo kay Ed. Hindi ako nagdaramdam ng pang-hihinayang sa mga sandaling nagugugol ko sa kanyang pagdalaw sa akin: nakapag-uusap kami tungkol sa literatura at buhay na buhay siya sa mga suliraning pangbayan.

56

Maraming bagay ang nasa kay Ed na nasa akin. Katulad ko, magiliwin siyang manood ng mga pelikulang Pilipino. Siya at ako'y naniniwalang maganda at kanais-nais ang iniingatan ng panahong darating pa para sa ating mga artista: matuling naalis ang pagiging artipisyal nila sa pagkilos at pagsasalita.

57

Datapuwa't sa isang mahalagang bagay ay nagkakaiba kami ng paniwala ni Ed. Ito'y ang hinggil sa kasalukuyang pagkakabahagi ng ating kayamanan. Ayaw siyang maniwalang ang sanhi ng mga pag-a-aapihan ng isa't isa, pati na ang mga krimeng ating nasasaksihan, ay mapaklang karugtong ng di nagkakapataspatas na kalagayan ng mga tao.

58

—Ang isa sa mga kapintasan ng ating kasalukuyang kalagayan, —ang minsan pa'y nasabi ko kay Ed,—tayo'y hibang na hibang sa kayamanan. Kaya ang nangyayari tuloy ay ipinagkakamali natin ang tinatangkilik ng isang tao sa kanyang pagkatao; ang isang tao'y kasing laki ng kanyang kayamanan.

59

May ilang linggo nang nakapagtatapat noon sa akin si Ed. Marahil ay napapansin na rin niya (*Nasa dahong 18 ang karugtong*)

## Kwento . . .

na ako'y hindi makapagmamati-  
gas sa kanya.

60

Nagpaliwanag si Ed. Sinabi ni-  
yang ang paghahangad sa kaya-  
manan ay magandang dahilan ng  
malusog na pagsisikap ng tao.  
Katulad ng pag-akyat sa bundok  
—palibhasa'y mahirap at mapan-  
ganib—hindi nagpapahintulot sa  
pagpapabaya.

61

Pati ang pagsalungat ni Ed sa  
mahalaga kong pananalig ay na-  
ging kagiliw-giliw sa akin—sa pa-  
simula. May talino akong nakiki-  
ta sa kanyang palagay, sa kan-  
yang kuro-kuro.

62

Isang hapon ay dumalaw sa akin  
si Ed. Sa pag-uusap nami'y ipi-  
nagtapat niyang siya'y totoong  
nainip na sa pagpapatayongta-  
yong ko sa aking kasagutan—ti-  
yak na kasagutan. Hindi niya na-  
babatid kaipalang ako ma'y naii-



nip na rin at sa pagkainip, ba-  
wa't sandali, sa palagay ko'y  
isang taong may lalo pang naka-  
iinip na mga araw sa pagiging  
mahabang-mahaba.

63

Kung bakit nga lamang hindi  
ko masabi-sabi ang ibig na ibig  
niyang sabihin ko . . . !

64

Malungkot si Ed nang hapong  
iyon. O mukha siyang malungkot.

65

Ang hapis niyang anyo'y buma-  
tak sa akin sa dulo ng aking pag-  
titimpi.

66

Ang pinsan kong dalagang nag-  
babakasyon sa amin noon ay nag-  
bibiding sa aming duyang nasa si-  
long.

67

Sa mga tingin at pangungusap  
ni Ed, ang puso ko'y naging isang  
bicling matugunin. Nguni't ako'y  
nagtimpi pa rin—sa paraang ina-



akala kong pinakamabuti. Mang-  
yari'y nag-aalinlangan pa rin ako  
nang bahagya sa kanya.

68

Sa pagkakaupo ni Ed na man-  
di'y pighating binalot ng laman,  
ako'y lumapit at pinabasa ko sa  
kanya ang mga tinandaan kong si-  
nabi ni Spinoza. Nagkalapit na  
nagkalapit ang aming mukha.  
Wari ko ba'y biglang uminit ang  
simoy ng hangin. Lihim akong  
humihinga nang malalim.

69

Walang ginawa si Ed kungdi  
basahin ang ipinababasa ko sa  
kanya. Nagkabunggo — sinadya  
kong magkabunggo—ang aming  
siko. Naramdaman kong tila si-  
nisanat ang boo kong pagkatao.  
Kay Ed nama'y parang walang  
ano man iyon. Parang walang  
ano man . . .

70

Nahiya ako sa aking sarili. Na-  
suklam ako kay Ed. Sumurot sa  
akin ang kalagayan ng isang bu-  
til ng buhangin nasa ibabaw ng  
isang malaki at magandang tipak  
ng bato: Lumalapit ang mga tao

sa bato, hindi dahil sa isang butil  
ng buhangin kungdi sa bato, ba-  
gama't ang sinasabi nila'y ang bu-  
til ng buhangin ang kanilang ti-  
ningnan.

71

Bago natapos ni Ed ang kan-  
yang binabasa ay naging higit sa  
makakaya ko ang aking pagka-  
suklam sa naliwanagan kong san-  
hi ng kanyang "pangingibig" sa  
akin.

72

—Ed,—ang marahas kong wika,  
—ayoko nang makita, ka pang  
muli!

73

Biglang itiniklop ni Ed ang ak-  
lat na kanyang hawak at pamang-  
hang sumagot.

74

—Aba! Anying, bakit, bakit?

75

—Huwag mo akong hingan ng  
paliwanag!— At patakbo akong  
nasok sa aking silid. Humarap  
ako sa salamin. Nakita ko ang  
katotohanan ng sinabi ng aking  
Amain, na, kung ako'y reyna sa  
isang *Rizal Day* at putungan ng  
korona ng isang makata, marahil  
ay noon pa lamang may magsasa-  
bing maganda ako—at ang mga  
mata ko'y naging dalawang pirot  
ng basahang basá, na pinigá ng  
nakatagong kamay.

GREGORIO N. GARCIA  
Enero 18, 1936



## DiKilala, Nguni't

FLORENCIO LIGERALDE



**S**I Booker T. Washington, ang tangyang na tagapagturong Item, na may katotohanan, na ang tagumpay ay hindi nasusukat sa taas ng tungkuling nakamtan ng isang linikha, kundi sa dami ng balak sila na napagtagumpayan nang siya'y nagsisinop na magtagumpay.

Si G. Florencio Ligeralde, isang parmaseutiko at tagapamahala ng Farmacia Ligeralde sa daang M. H. del Pilar, Maynila, ay hoong pagpapakumbabang tumanggang siya'y taguriang "nagtagumpay", sa dahilang siya'y wala pang nagagawa. Gayon ma'y ipinalalagay naming siya'y isang maliit na malaki— isang bagay na karapat-dapat dakilain.

Si G. Ligeralde ay katulad din ng ibang isnilang sa sangmaliwanag. Kumita ng ilaw sa bayan ng Binmaley, Pangasinan noong ika 4 ng Enero ng 1896. Siya'y nag-aral sa paaralang bayan ng Binmaley at sa Linggayen, at dito niva tinapos ang "intermedia" noong 1915. Ang una at pangalawang baytang ng "high school" ay tinapos niya sa Paaralan ng Pagsasaka sa Los Banyos. Sa mga taong ito, siya'y naging manggagawa na sumasahod ng P10.00 isang buwan. Itinaboy siya ng malarya sa kanyang bayan, at nang siya'y gumaling ay pumasok na mang-

gagawa sa Philippine Manufacturing Co. at dito'y sumahod siya ng P20.00 isang buwan. Noong ika 23 ng Enero ng 1918 siya'y naging utusan sa botika ni Modesto Bautista, sa sahod na P4.00 isang buwan. Samantala, siya'y nag-aral sa kagawaran ng "night school" ng Unibersidad ng Nasyonal, at sa kabutihang nalad ay natapos niya ang "high school" noong 1922. Sumulit sa pagka-pulis at sa tungkuling ito ay sumahod siya ng P60.00 isang buwan. Pinagbitiw siya ng tungkuling ito ni G. Bautista sa pangkong siya'y pag-aaralin sa unibersidad. Nag-aral ng parmasya si G. Ligeralde sa Unibersidad ng Nasyonal sa gugol ni G. Bautista. Natapos niya ang pag-aaral noong 1926 at nakasulit sa pagka-parmaseutiko noong sumunod na taon.

Hindi naglaon at siya'y sinugo ni G. Bautista sa Ketabato upang magtayo ng isang botika doon... upang malugi lamang ng mahigit P1,300. Katulad ng bayaning nasusugatan ay lalong tumatapatang, si G. Ligeralde, sa tulong ni G. Bautista, ay muling nagtayo ng parmasya sa daang M. H. del Pilar noong Pebrero ng 1931. Sa pagpupunyagi ni G. Ligeralde ang parmasyang pinamamahalaan niya ay lumusog hanagan sa mga sandaling ito'y ang nasabing parmasya ay isa na sa mga pinakamalaki at pinakamalusog na butika sa purok ng Ermita.

Di katulad ng ibang nahihyang mag-sabi ng katotohanan, si G. Ligeralde ay nagkaroon ng busilak na karangalang magtapat na siya'y nagtiis ng gutom noong siya'y nag-aaral pa sa Los Banyos. Hindi lamang iyan: siya rin ang naglalaba at namamalantsa ng kanyang damit, namimili at nagluluto ng kanyang pagkain noong siya'y wala pa sa mapagpalang pagkukupkop ni G. Bautista. Isang bagay lamang ang hindi niya natiis: ang hapdi ng sugat ng puso ng likha ni Cupido. Nakinag-isang dibdib noong siya'y nasa "high school" pa lamang. Bagama't ipinagtapat niya sa amin na siya'y hindi mangangatha, ay naniwala rin kami na siya'y isa sa pinakamahusay na mangangatha. Katunayan; siyam ang kanyang anak... walo ang buhay!

Tinitirahan: 310-312 M. H. del Pilar, Ermita, Maynila.

**JOSE MARIA RIVERA...**

(Karugtong ng dahong 15)

hindi m a k a s a g a b a l sa kabihasnan ng aming kapitan. Sina Ibsen, Bernard Shaw, Chester-

ton, Belloc, ay nasa likuran lamang ng aming kapitan kung ang pag-uusapan ay ang kariktan ng sining sa dula. At saka ngayo'y tutuligsain ang aming kapitan na kung sino lamang bagong singki sa panitikan. Dapat nga namang isama at ipag-alab ng loob, lalo na ng nag-uukil ng tuligsa ay katulad lamang ng mga kritikong naghambalang ngayon sa daigdig na panitikang tagalog na hindi makalagok ng tubig.

Sa pagka-nabelista ay minamaliit namin sina Galsworthy, Gorky, Bromefield, Dostoievsky, Meredith, Lincoln, James, Bronte, at iba pang kung sabihin ay mga ginto sa panitikan ng daigdig. Hindi sila maaaring itabi sa aming kapitan sapagka't alangang-alangan ang kaniang nobela sa nobela ng aming kapitan. Sa paghahanay ng pangungusap na lamang ay sapal na sila, ibukod na natin, ang nauukol sa paglalarawan ng mga ugali at kilos ng mga tauhan. Kailangang mabatid ng mga kritikong nakaiibig kina Tolstoi, Balsac, Dickens, Thackeray, Dreiser, na ang mga ito'y anino lamang ng aming kapitan. Saka ngayon ay tutuligsain ang kadakilan ng aming kapitan. Sino naman ang matutuwa sa ganitong mga kritiko.

Manaka-naka lamang sumulat ang aming kapitan ng *maigsing* kuwento (tinatawag nilang maikli) nguni't mga kuwento nang dakila at walang ka natayan. Sina Afan, Rosario, Herrera, Barros, Garcia, del Mundo at iba pa ay nasa likuran lamang ng aming kapitan kung ang pag-uusapan ay ang nauukol sa sining ng maikling kuwento. Kung sina Saroyan, Sangster, Hurst, Wilber Steel, at iba pa ay nahihyang itabi ang kanilang katha sa aming kapitan, ay gaano pa kaya ang katha ng mga tumutulgisa sa aming kapitan. Dapat magdalanghiya ang kanyang mga kritiko.

ITUTULUY

# Sumpa ng Pagibig

**K**UMISLAP ang luha sa iyong matamlay  
 Na matang larawan ng batis na kristal  
 Aninong katalik ng hapdi at panglaw  
 Na kumakalaro sa pusong luhaan;  
 Sa pangungulila sa Ina mong mahal,  
 Ang ala-ala mo'y baka pagtaksilan!  
 Akong sumbungan mo ng iyong hinakdal  
 Ay alinlangan pa ang iyong panimbang.

\* \* \*

Oo, lumuha ka! Bakit di ikuha  
 Ang sama ng loob mutyang binathala!  
 Oo, lumuha ka't lubos kang kawawa  
 Sa Inang yumao't Inang pinagpala...  
 Lumuha ka Irog, luha na dirata,  
 Habana ang buhay ko'y di nasasansala.  
 Sapagka't kung ako'y wala na sa lupa,  
 Malulubos kang ulilang kawawa!

\* \* \*

Lumuha ka, oo, sapagka't makiro  
 Sa iyong damdamin ang dagok ng lungkot  
 Lumuha ka, oo, nang upang malubos  
 Ang ganda at dingal ng iyong alindog;  
 Subali't sa iyong pagluha'y susunod  
 Ang patak ng aking luhanang walang lagot!  
 Lumuha ka, oo, nang iyong matalos  
 Na ako'y karamay sa iyong himutok.

\* \* \*

May puso rin akong lubhang maramdamin,  
 At katulad mo ring matimyas gumiliw  
 Di dapat pagtangkang hindi mo mapigil  
 Ang daloy ng luhanang bugtong ng hilahil,  
 Sapagka't ang isang ulilang bitui'y  
 Agad nagtatampo sa hihip ng hangin...  
 Di ako ulila, nguni't maramdamin,  
 Ikaw na ulila'y di ko sisishin.

Irog ko'y itunghay ang matang maamo  
 At sa aking mata titig mo'y itimo,  
 Ligaya ng buhay, hindi maglalaho  
 Ang ating daigdig kahi't masiphayo!  
 Ang ilaw ng iyong matang may pagsamo,  
 At kislap ng aking matang sumusuyo.  
 Dalawang daigdig, dalawang pagsuyo,  
 Langit ng pag-asa't ligaya ng puso.

\* \* \*

Manalig ka mutya... mutya ko'y manalig,  
 Walang kamatayan ang aking pag-ibig!  
 Ang aking pagsinta'y habang lumalawig,  
 Hindi magbabago, bagkus mag-iinit!...  
 Subali't kung ako'y di mo na masilip,  
 At tayo'y maglayo, mutyang inibig  
 Asahan mong ako'y di lilo, ni ganid,  
 Kundi sa libingan ako'y nanahimik.

\* \* \*

Ulayo rin ako... bakit nga ba hindi?  
 Ako'y lalayo rin pag ako'y nasawi,  
 Magkakahinalay ang ating iniwang  
 Pangarap ng buhay na walang pighati;  
 Ikaw saka ako'y maglalayong mithi  
 Kung ako'y bangkay na't hininga'y narali,  
 Nguni't sa tula kong batis ng lunggati—  
 Ikaw saka ako'y magkasamang lagi!

\* \* \*

Sa kislap ng iyong titig na matamlay,  
 Sa labi mo irog na aking hinagkan,  
 Sa patak ng iyong luhanang walang tahan,  
 At hibik mong hurcag iwanan ko ikaw  
 Nais kong ngayon din, ngayon din mamatay  
 Sa sakit na ngayo'y aking dinaramdam,  
 Nais kong mamatay nang aking makamtan  
 Ang pananalig mo sa sumpa ko't dangal!

TRISTAN ALMA AZUCENA

## BURLESQUE...

(Karugtong ng nasa dahong 12)  
 ng mga Paham, Pantas, at Dalubhasa. Iyan ang tanging sagot namin sa mga tumutuligsa na ang Pilipinas daw ay wala man lamang pantas. Hindi lamang pantas kundi mga Pantas, Paham, at Dalubhasa pa!

Kung ang mga bansa sa Europa, Asya, at Amerika ay walang nai-pagmamalaking pantas, dito sa

atin ay naglipana ang Pantas (daw) at ang katunayan niyan ay ang Akademya ng Wikang Tagalog!!!

\* \* \*

**S**INABI ni G. Lope K. Santos na ang mga "obra maestra" ay hindi dapat punahin, at sa halip ay dapat pa ngang iginalang upang mayroong maipagmalaki ang mga Tagalog. Bukod dito ay sinabi pa ng matanda na kung ma-

sama raw ang isang katha ay hindi raw dapat tuligsain kundi manapa'y dapat ikubli ang mga kamalian. Kaawa-awa naman si G. Santos. Ani G. Santos sa kanyang *Banaag at Sikat*:

—Kay halay!—ani Delfin—*Bakit ang masama'y hindi masamain at ang mabuti'y mabutihin kahi't saang bikas makita!*—Hayan si G. Santos! Mabuhay, mabuhay ang matanda!!!

# PASET TI KAILOKOAN

## Pamanunotanmi



**I**TI DAYTOY umuna a bilang pagarupenmi a masapol unay a mailanad dagiti panggepmi, tapno dagiti agbasbasa maammoanda ti riknami ken dagiti bambanag a gagemmi nga igay-at.

UMUNA, a nasken unay, awan ti ipangpangrunami nga agtuturay: tumunggal maysa maited ti rebbengenma—awan ti mailuplupit ngem

### DAGITI PANGGEPMI

agpapadatay amin. Ammomi a dagiti agtuturay dakkel met ti maituilonгда, ngem saan a mabalin nga isuda laeng ti ipangpangrunami ket dagiti napanglaw mabaybay-anda. Itedminto amin a kabaelanmi nga agtakder iti kabukbukodanmi a rikna ken bileg.

SAANKAM a mangikasaba iti pammati ngem itedmi amin a pammadayaw iti kabukbukodanyo a rikna. Ikagumaantayo nga iliklik daytoy a warnakan kadagiti aramid a markarba iti singgalot ken timпойog amin a Pili-pino.

SAANTAY a libaken a datayo adu pay laeng dagiti rebbengentay nga ammoen. Nabaknang ti pakasaritaan ti kurditantayo, nabaknangtay iti rikrikna, ngem dagiti dandanaw sarsarita ken sabsabali pay a sinursuratantayo inanamaenmi nga adu pay laeng ti rebbengenma a maatur. Kadagiti sumarsaruno a bilang isa-

guttayto amin a kabaellantayo a mangipampusan kadagitoy. Ipakpakaunami a saanmin-to a baybaybay-an dagiti nabaknang a pamanunotyo—mabigbig wenno saan a mabigbig a mannurat no inanamaenmi a saan a maimbatog kadagiti paggepmi wenno saan a makatignay kadagiti riknatayo saanminto nga ipangpangruna ida.

MABIGBIG a mannurat! No dadduma isuda laeng ti ibilbilangtayo agsipud ta adda maysa a matada ket bulsektayo. Uray saan a nasayaat a dalan ti pangituronganda kadatayo kapilitan a sumurottayo; ngem itan ti rebbangna a panagmatatayo, adu metten dagiti nasursurotayo kadagiti pagadalan, ket usigentayon ti naimbag. Agmatatayon ket saantay a makigtot kadagiti laaw. Ilanadtay dagiti nasken a bambanag a mangted iti salun-at ken silaw ti panunot. Itudotayo dagiti biddutda, uray siasino, no namnamaentayo a makaisuro—uray siasino a mannurat.

BUKIBUKENTAY amin nga adda iti kabaellantayo nga inanamaentay a pagubbugan ti sirib: pakasaritaan ti pagilian, panagtalonan, panagtagibalay, panagtagtagilako, panagpartuat ken nadumaduma pay a sangsanga ti adal.

TUNTUNENTAYO ti Rang-ay, datay amin. Agsaadtay iti Kinapudno ken Kinaagpapada.



# DAGIDI TIRONG

**P**AGISU a sangagasut a tawen itan, idi 1836 simmangpet ti kadakkelan a buyot dagiti Tirong idia'y Kailukoan. Adu nga il-ili ti pinupuuranda, adu a tattao ti pinatpatayda, ken adu a sansanikua ti tinaktakawda. Agsipud ti masansan a pinagsangsangpetda a saan a mapakpakadaan, nabangon kadagiti ig-igid ti baybay dagiti dardar-aw a pangtantannawaganda kadakuada. Maysa kadagitoy, nga adda pay la ita kadagitoy nga aldaw, isu ti dar-aw nga adda iti igid ti baybay idia'y Sulbek, Narbakan, Ilokos Sur.

Agpapan kadagitoy a tawen adu pay laeng dagiti lallakay a saan pay a nakalipat kadagidi im-immay a Tirong. Masasao pay laenz ngem sanen a naan-anay ti lagipda no kaano ti pagisu a tawen a pinagsangsangpetda. Kadagiti pagbasan a nasursuratan maipanggep iti Pilipinas saanda nga inlanad dagiti tawen. Numan pay kasta, kalpasan ti nawadwad bassit a kanito, a pannakasuksukimatna naduktalan a kadagiti daan a dukomentos addada a nailanad.

●Iti dukumento a "Relatos de los Sucesos mas notables que han ocurrido en este pueblo de San Nicolas" (Ilokos Norte)," maduktalan idia'y pampanid 5-6 daytoy a naisurat:

*"En el año 1821, estando de Gobernadorcillo Don Marcos Duldulao, los piratas de Jolo invadieron por primera vez las costas Ilocanas."*

Naipatang la unay a daksangasat ti ili a San Nikolas ta iti daytoy a tawen kaadda pay idi ti dakkel a kolera.

Babaen ti palawag daytoy a dukumento idi 1821 ti immuna nga isasangpet dagiti Tirong kadagiti il-ili ti Kailukoan. Ngem iti nantantanang a pannakasukimat dagiti dukomentos municipales idi 1911, maduktalan nga idia'y Badok (Ilokos Norte), simmangpetda

idi 1776. Iti daytoy a tawen—idinto a ramrambakanda ti kapia ken wayawaya idia'y Amerika—manarimaan met ti gubat dagiti Tirong ken Ilokano idia'y Badok. Agdama idi a gobernadorcillo ni D. Tomas Corpus. Nagrurupakda a sipipinget, ket kalpasan ti sumagmamano nga aldaw, napapanaw met laeng dagiti Tirong; ngem adun ti napupuuranda a balbalay ken naktakawda a sansanikua.

●DAGITTOY dua nga immuna nga isasangpetda (1776 ken 1821) saanna a mapada ti kaadu ken bilag daydi immay idi 1836, nopay kasta napateg a laglagipen. Dandani amin nga il-ili ti kailukoan nagsardenganda amin a nagtakakawan. Nagpuorda kdagiti simsimbaan, balbalay, ken ap-apit; sinamsamda dagiti balbalitok ken sansanikua, ket nagpappapatayda kadagiti umili ken sumagmamano a papadi. Idia'y Pangasinan ken La Union saan laeng a bassit ti nasamsamda, ket kalpasanna nagpaammiananda. Simmangpetda idia'y Santiago, Ilokos Sur ket dinagusda ti nagpaili. Tinorongda ti Konbento ket, no agpaisu weno saan, nagpatit kano ti patambang nga awan ti nangpatpatit. Uray ita adda pay laeng a sarsarita dagiti babbaket ti maysa a lakay a bassit a simmabat a kinagubat dagiti Tirong:

*"Adda lakay a bassit,  
Nagkalloggong 'ti singkuppit,  
No dumoklos nalawag met,  
No dumoklostayo a sipinget."*

●DAYTOY kano ti sao dagidi Tirong kalpasan ti pannakaabakda. Dinardarsda ti nagsubli idia'y birbirayda ket nanglayagda manen a nagpaammianan. Nagsardengda idia'y Santa Maria ket adu ti nasamsamda a sansanikua idia'y ta nabakang nga ili. Kalpasanna pimmanawda manen. Nagsardengdat apagbiit kadagiti nalabasanda nga il-ili agingana iti nada-

nonda ti ili a Santo Domingo. Kadagiti panid 13 ken 14 dukumento ti *dukomentos municipales* idi a *Historia del Municipio de Santo Domingo* (Provincia de Ilocos Sur, 1911)<sup>5</sup> masarakan a naisurat daytoy:

*"En 1836 aparecieron en el mar parte oeste le este pueblo unas cuantas piratas sin que hayan hecho nada a los vecinos."*

●KALPASAN ti pannakaalada kadagiti kinaykayatda iti uneg ti ili, pimmanaw manen dagiti Tirong ket nagsardengda idia'y Sinait. Iti daytoy a tawen aglamida idi a gobernadorcillo ni Aniceto Agbayani, ket isu ti dadaulo a nangipangulo ti pannakapapanawda. Insublatda manen ti nagsanglad idia'y baybay ti Badok, ket idia'y nagvanda iti pito nga aldaw. Babaen ti palawag ni Narciso Laeno idi 1911 *Datos ti Barrio No. 5. Pagsanaan*,<sup>6</sup> kinunana:

*"Iti naminsan nga alau a diac magup no ania nga balan quen taoen, quiet gaogwaaten idi ti taoen a 1836 nagpaang ite (iti kuma) baybay a naghaenton ti puro quen Barrio a Pagsanaan ti adu quen di mabilang a CUANGGA ti Tirong (barangay)."*

●MADAMA idi a gobernadorcillo ni Mauricio Barlahan. Biniлина amin a lallaki a makabalina nga umiggen iti igam ta mapanda makirupak kadagiti Tirong. Naramid kas imbilinna ket kalpasan ti panaggugubatda, nagtataray dagiti natda a Tirong, ket adda pay maysa a nabati kadakuada. Babaen ti palawag ni Narciso Laeno "naipaw-it" kano ti *bagina* idia'y Laoag ket saannan nga ammo no ania ti nagbanaganna. Sipudna metten a nagpabangon iti maysa a dar-aw idia'y igid ti baybay daytoy nga ili tapno adda pangwanwanayananda kadagiti agsangpet a Tirong.

Ngem saan laeng a daytoy ti  
(Maituloy iti panid 32)

**J. R. BUENAFE**

# MANGKUKULAM

**N**ANIPUD PAY idi ugma adan dagiti mangkukulam. Kadagiti sabsabali a dagdaga nadumaduma ti pannakaawagda. Idiy Kailukoan naganenda iti manggamud, nagbaliwan ti balikas a manggagamut, wenno agaramid iti makadangran. Kadagiti Bago-bo naganenda iti mangdarangan. mannananem kadagiti taga Pangasinan, usikan kadagiti Bisayan, ket kadagiti Tagalog—ken kadagi-



ti sabsabali a disdisso ditoy Pilipinas—naganenda iti mangkukulam babaen ti panagkuna ni Ferdinand Blumentritt.

Dua a kakita ti mangkukulam dagiti saan nga agrangas ken dagiti mangdangran. Iti daytoy umuna mabalintay nga inaganan ti baglan dagiti lloko.

●**N**ANGRUGI ti kinamangkukulam idiy Hebrew, Egipto ken Babylonia. Ngem awan ti kanito a kaadu unay dagiti mangkukulam no saan nga idi nagbaetan ti maikasangapulo-ket-lima ken maikasangapulo-ket-walo a “siglo.” Maduktalan kadagiti pagbasaan nga idi maikawalo a siglo simmangpeten daytoy a pammati idiy España, ket ninagananda iti *bruja*. Iti pannagna ti tawen agbaliwbaliiw dagiti pammati. Babaen ti pampanunutan dagiti folkloristas ti *bruja* isu kano ti nangrugian ti pampammatitayo kadagiti asuang, ken *boroka* dagiti Zambal, nada-ael a pannaabalikas ti *bruja*. Kadagiti kallabes a siglo imparit

ti Santo Papa idiy Roma ti kinamangkukulam ta makadangran kano iti simbaan. Idiy España. Inglatera ken Italia adu ti pinapupuoranda a sibibiag agsipud ti basolda a kinamangkukulam. Nanipud idi 1515 agingana idi maikasangapulo-ket-walo a siglo agtalogasut a ribu ti napuoran idiy Europa! Ti laeng Francia ti saan a nagpabbabitay ta nagduadua no adda kinaagpaisuna a basol. Kadagidi a panawen dagiti Waldoneses a simmina iti simbaan idiy Roma naibilangda pay a mangkukulam ket adu kadakuada ti naparpardaya. Idi 1541 nairut unay a basol ti kinamangkukulam idiy Inglatera, ket idi 1563 adu met ti pinapupuoranda idiy Scotland. Ti nangnangruna a nangipangulo kadagidi a panawen isu ni Albertos Magnus, “maysa a “mongha,” ket imbilangda nga ariari ti mangkukulam. Nakadanon idiy America babaen ti pannangidau’o met ti maysa a manggaskasaba a managan Cotton Matter, ket idi 1692 duapulo a mangkukulam ti inlemmesda a sibibiag idiy Salem, Massachusetts, ket maysa kadakuada ti nabitay.

●**D**AGITTOY biddut amin ti turay a nabigbigda a kasta kadagito laengen a tawen. Idi 1716 insardengnan ti nagpappapauor ti Inglatera, kasta met ti Scotland idi 1722. Nabayag nga awan ti napupuoran; ngem idi 1877 adda met lima a pinapuoranda idiy San Jacinto, Mexico, America del Sur.

Nalatak dagitoy a biddut toy lubong! Pinapuoranda ida agsipud iti pagarup nga isuda makaitcoda iti ranggas. Maysa laeng dagitoy a pammati. Adu dagiti kankaniawda a kagura ken kabutbutengtayo; ngem itan mausig a gapu kadakuada timmubo dagiti pagsiribon maipapan iti panagawasan, na-

